

Kuwentong-bayan sa ugat-pangalan ng mga piling barangay sa San Fernando

Beringuel, Mafe Lyn A. ✉

Cebu Normal University-Main, Philippines (mafelyn1234@gmail.com)

Garma, Jonel C.

DepEd- Talisay City Division, Philippines (jonel.garma@deped.gov.ph)



ISSN: 2243-7703

Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 30 June 2023

Revised: 13 July 2023

Accepted: 28 July 2023

Available Online: 28 July 2023

DOI: 10.5861/ijrse.2023.46

Abstract

Literature plays a significant role in our current lives and serves as a mirror of our past. The study aims to gather and analyze the folklore of the root name of chosen barangays in San Fernando, Cebu. Specifically, it analyzed the (1) classification of folklore, (2) theme, and (3) narrative of the origin of names of chosen barangays. The study utilized a qualitative method of research using a focused group discussion and an unstructured interview to correctly present the gathered data. The results revealed that the classification and themes of folklore are based on the originating concepts of the root names of barangays. It is also determined that the folklore of the chosen barangays was passed on throughout the generation through word of mouth for its easy widespread in different areas and neighboring barangays. Based on the findings, it is concluded that folklore has a connection with the root names of the chosen barangays in San Fernando. It also serves as a foundation that up to the present is still alive and remained anchored to the history of the Philippines which must be given further studies to widen the scope of Filipino literature in the field of folklore.

Keywords: folklore, origin, theme, classification, narratives

Kuwentong-bayan sa ugat-pangalan ng mga piling barangay sa San Fernando

1. Panimula

Ang panitikan ang nagsisilbing pundasyon sa pagkakakilanlan ng isang bayan (Aler, 2020). Likas sa mga tao ang pagsasaliksik at pagbibigay paliwanag sa mga bagay- bagay na nakikita sa kapaligiran. Simula pa noong una ay marami nang mga misteryo at kababalaghang nakikita at napapansin kung kaya't may mga nabuong kuwento, salaysay, alamat at iba pang anyong pampanitikan na nakatutulong sa pag-unlad at pagpapalawak sa panitikan ng Pilipinas. Isa sa akdang pampanitikan ay ang kuwentong bayan na ayon kay Eugenio (2007) walang pangkalahatang depinisyon ang salitang "folklore" ngunit ang bawat butil ng kaalaman na naipasa sa bawat henerasyon na naglalarawan sa mga paniniwala at pamumuhay ng natatanging pangkat ay itinuturing na kuwentong-bayan. Tinukoy naman ni Rodriguez (2011) na ang kuwentong-bayan ay ang mga istoryang nakabaon sa isipan ng mga lokal na naninirahan sa isang lugar na isinalin sa pamamaraang pasalita. Ang mga kuwento ay naipasa na lang sa kahit kanino dahil sa pakikipag-usap at pakikipagsalamuha kaya't hanggang ngayon ay wala pa ring tiyak na nakakaalam kung saan ba nagmula ang mga ito kagaya na lamang ng mga kuwentong-bayan.

Pinabulaan ni Bronner (2007) na ang mga kuwentong bayan ay representasyon ng imahe ng kanilang isipan. Nakatutulong ito upang maintindihan at maunawaan ang ating sarili. Ang kuwentong-bayan ay isang anyong pampanitikan na ibinabahagi sa pamamaraang pasalita na kinapapalooban ng mga kuwento sa pinagmulan ng isang lugar, halaman, hayop, at iba pa. Naipapahayag din dito ang kaugalian ng mga tao at paniniwala sa isang partikular na bagay o lugar. Sa pag-aaral naman nina Espinocilla at Marbella (2022) tinukoy nila na ang pinagmulang kuwento ng bawat pangalan ng mga barangay ay may malaking implikasyon sa edukasyon, komunidad, turismo, at lokal na pamamahalaan, kaya nararapat na bigyang diin ang pagpapalawak ng panitikan lalong lalo na sa mga kuwentong-bayan.

Sa kabilang banda, ang mga kuwentong-bayan ay hindi na masyadong binigyan ng pokus dahil na rin sa patuloy na paglaganap ng teknolohiya. Mas tinutuon ng pansin ng mga tao ang gadget lalong lalo na sa mga social media sites kung saan pwedeng maglagay ng mga impormasyon tungkol sa pang araw-araw na pangyayari sa buhay. Nakita sa pag-aaral nina Nacorda at Garma (2022) na ang kasalukuyang gawi ng mga kabataan ay nakabase sa kulturang popular ng social media kaya hindi na nabibigyang pansin ng mga kabataan ang mga yamang pampanitikan. Hindi maipagkakaila na maraming benipisyo ang makukuha sa teknolohiya ngunit natatabunan naman nito ang mga nakatagong ganda at hiwaga ng panitikang Filipino. Binigyang diin ni Catipay (2019) na nanganganib nang mawala ang mga kuwentong bayan dulot ng mabilis na pag-usbong ng globalisasyon. Kaya kinakailangan pagtuon ito ng pag-aaral upang maibalik ang dati nitong sigla at maibahagi sa bagong henerasyon.

Sa pananaliksik na ito, nilayon na siyasatin at tuklasin ang mga kuwentong bayan ng mga ugat-pangalan ng mga piling barangay sa San Fernando, Cebu. Tinitiyak na masagot at matuklasan ang mga ugat-pangalan ayon sa (1) klasipikasyon, (2) tema, at (3) mga salaysayin tungkol sa mga pinagmulan ng mga piling barangay sa San Fernando. Ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang palawakin pa ang panitikang Pilipino sa Larangan ng kuwentong-bayan.

2. Pamamaraan

Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng paraang kwalitatibo sa pamamagitan ng disenyong paupo-upo at patanong-tanong bilang pangunahing pamamaraan sa paglikom ng mga kinakailangang datos sa mas maayos at malinaw na paglalahad. Ginawa ang pag-aaral sa Bayan ng San Fernando, Cebu. Dito isinagawa ang pag-aaral at pakikipagpanayam upang matukoy ang mga kuwento tungkol sa pinagmulan ng mga pangalan sa piling

barangay dahil hitik sa kultura at mga natatanging kuwentong-bayan ang lugar. Nililimitahan lamang sa pag-aaral na ito na matukoy ang kuwentong-bayan ng mga ugat-pangalan ng 5 piling barangay sa San Fernando. Masuri ang (1) klasipikasyon ng bawat kuwentong-bayan, (2) tema na nangingibaw, at (3) mailahad ang mga salaysayin ng mga tagatugon. Ang mga datos ay nalikom sa tulong ng isang rekorder. Sa pamamagitan nito ay mas komportable ang mga tagatugon sa pagbabahagi ng mga impormasyon. Ang mga naging tagatugon ng pag-aaral ay ang mga tubong San Fernandohanun na naninirahan sa barangay na may edad 60-pataas at mga opisyal ng barangay na matagal nang naninirahan dito. Ang mga datos na nalikom ay isa-isang hinimay at sinuri. Pinatignang muli sa mga tagatugon at ipinabalideyt sa mga eskperto upang masiguro ang kawastohan nito.

3. Resulta at pagtatalakay

Ang bahaging ito ay naglalarawan ng pagtatalakay, pag-aanalisa at pag-iisa-isa sa mga datos na nalikom. Binigyan ng pagpapakahulugan ang nalikom na impormasyon upang mabigyang kasagutan ang mga tiyak na suliranin.

3.1 Klasipikasyon ng mga kuwentong-bayan

Bawat kuwentong bayan mula sa mga ugat-pangalan ng mga piling barangay ay ipinangkat sa klasipikasyon. May limang kuwentong bayan na nalikom ng mga mananaliksik. Makikita sa talahanayan 1 ang pagpapangkat sa mga ito.

Talahanayan 1

Klasipikasyon ng mga kuwentong bayan

Kuwentong-bayan	Klasipikasyon
Ugat-Pangalan sa Barangay Balud	Pangkalikasan
Ugat-Pangalan sa Barangay Lantawan	Pangkalikasan
Ugat-Pangalan sa Barangay Panadtaran	Pandigmaan
Ugat-Pangalan sa Barangay Sangat	Pandigmaan
Ugat-Pangalan sa Barangay Tongo	Pangmisteryo

Base sa mabuting pag-aanalisa, nahahati ang mga kuwentong bayan sa tatlong klasipikasyon, (1) Pangkalikasan , (2) Pandigmaan, at (3) Pangmisteryo. Ang ugat-pangalan sa barangay Balud at Lantawan ay nakapokus sa kalikasan. Ipinapakita sa klasipikasyong ito ang kagandahan ng kalikasan na siyang naging dahilan ng pagkabase nito sa pangalan ng bawat barangay. Ang ikalawang pangkat naman ay napapasok sa klasipikasyong pandigmaan. Ang ugat-pangalan ng dalawang barangay na pinangalanang Panadtaran at Sangat ay nakatuon sa digmaan noong panahon ng Hapon.

Sa pinakahuli naman ay makikita na ang barangay Tongo ay napapasok sa categoryang pangmisteryo. Nakatuon at nakabase ang pangalan ng barangay sa kahiwagaan ng panggagamot ng mga herbolarios o albularyo na pinaniniwalaang may kakaibang kapangyarihan. Sa kabuoan, ang kuwentong-bayan ay isa sa mga mahahalagang mukha ng panitikan dahil ito ang bumubuo sa identidad ng lipunan (Catipay, 2019).

3.2 Tema ng mga kuwentong-bayan sa ugat-pangalan ng mga piling barangay sa San Fernando

Sa bahaging ito tatalakayin ang iba't ibang temang nakapaloob sa mga kuwentong-bayan. Mahalagang makuha ang tema sa bawat kuwento upang malaman ang kontekstong nakapaloob na isa rin sa mga dahilan ng pinagmulan ng pangalan sa mga piling barangay sa San Fernando.

Talahanayan 2

Iba't ibang tema sa bawat kuwentong-bayan

Kuwentong-bayan	Tema
Ugat-Pangalan sa Barangay Balud	Kagandahan ng kalikasan bilang tahanan
Ugat-Pangalan sa Barangay Lantawan	Kahalagahan ng kalikasan bilang tagaprotekta ng mga tao
Ugat-Pangalan sa Barangay Panadtaran	Karahasan ng tao sa kapwa
Ugat-Pangalan sa Barangay Sangat	Digmaan sa pagitan ng dalawang magkaibang pangkat
Ugat-Pangalan sa Barangay Tongo	Kahiwagaan ng ibang klaseng panggagamot sa mga sakit

Natukoy ang mga tema na nangibabaw sa mga kuwentong-bayan ng San Fernando. Unang kuwentong bayan mula sa ugat pangalan ng barangay balud, ang temang nakapaloob dito ay ang kagandahan ng kalikasan bilang tahanan. Ayon na rin sa mga nakuhanang salaysay, nagmula ang pangalang Balud sa isang uri ng ibon na ang tawag ay balud o bawod na namumugad noon sa nasabing barangay.

Ang ikalawang kuwentong-bayan naman ay mula sa ugat pangalan ng barangay Lantawan. Ang tema nito ay kahalagahan ng kalikasan bilang tagaprotekta ng mga tao. Ang barangay na ito ay matatagpuan sa bukid ng San Fernando kung kaya't makikita ang kabuoan ng bayan kapag naroon ang isang tao. Base sa mga salaysay na nakuha ay tinawag itong *signal mountain* dahil mula roon ay magbibigay sila ng mga paalala o senyales kapag may paparating na mga sundalong Hapon, kung kaya't nakakapaghandang sila para maiwasan ang mga sundalo.

Kasunod naman ay ang barangay Panadtaran. Ang temang nakapaloob dito ay karahasan ng tao sa kapwa dahil napag-alaman ng mga mananaliksik na nagmula ang pangalang ito sa salitang bisaya na "tadtad" na nangangahulugang bayolente na pagpatay sa mga tao na dumaraan doon gamit ang isang tabak. Gaya ng nangyari sa barangay Panadtaran ay maihahalintulad din dito ang barangay Sangat. Digmaan o pakikidigma ang tema nito dahil sa nangyari noon na digmaan laban sa mga piratang Muslim sa Panadtaran.

Panghuli ay ang kuwentong-bayan sa barangay Tongo. Ang temang nakapaloob ay ang kahiwagaan ng ibang klaseng panggagamot sa mga sakit. Ayon sa pagsasaliksik ay maraming albularyong nakatira sa barangay na nilalapitan ng mga tao upang makahingi ng tulong na nais maghiganti sa kanilang mga kalaban. Ginagawa ang ritwal sa pamamaraang tungo o *curse* sa Ingles. Nakita sa pag-aaral nina Sardido at Palma (2022) na ang Pilipinas ay mayaman sa iba't ibang uri ng panitikan na ang iba ay malimit na makikita sa iba't ibang pangkat etniko sa bansa. Marapat lamang na pagyamanin ang mga ito upang magamit pa sa susunod na henerasyon.

3.3 Mga Salaysayin tungkol sa ugat-pangalan sa mga piling barangay sa San Fernando

Sa bahaging ito ay tatalakayin ng mga mananaliksik ang iba't ibang mga kuwento o salaysay mula sa mga tagatugon kung saan nagmula ang mga pangalan ng kanilang barangay.

Barangay Balud - Ang barangay Balud ay isang parte lamang ng barangay Panadtaran noon hanggang sa naging independente ito at nahiwalay nang tuluyan sa barangay Panadtaran. Ang pangalang Balud ay nagmula sa isang partikular na klase ng ibon na tinatawag na "balud" o "bawud". Ayon sa mga ibinigay na salaysay, nagsimulang tawaging Balud ang barangay nang may isang manlalakbay na namahinga sa isang malaking puno ng Acacia. Nakakita ito ng lupon ng mga ibong tinatawag na balud o sa Cebuano ay "nag bawod bawod nga langgam" na humuhuni at lumilipad sa mga sanga ng acacia Nabighani ang manlalakbay sa ganda ng mga ibon kaya't sinabi niya ito sa kanyang mga kaibigan at di kalaunan ay nagpunta ang kanyang mga kaibigan sa lugar. Nabighani sila sa ganda ng mga ibon. Napag-alaman ito ng ibang mga tao at mula noon ay dumami na ang pumupunta sa lugar upang makita ang mga ibon na naging dahilan sa pagtawag ng mga tao sa lugar ng Balud na katulad rin sa katawagan ng partikular na ibon.

Barangay Lantawan - Kasunod na kuwento ay tungkol sa pinagmulan ng pangalan ng barangay Lantawan. Ayon sa nakuhanang salaysay, nagmula ang pangalan sa salitang Cebuano na "lantaw" o "lantawan" na nangangahulugang *look-out* sa Ingles. Ang barangay ay matatagpuan sa mataas na parte ng kabundukan sa San Fernando. Masisilayan ang kabuoan ng bayan kapag nandoon ka sa lugar na ito. Base sa sinabi ng mga tagatugon,

noong panahon ng mga hapon ay nagmistulang proteksyon sa kanila ang lugar dahil makikita nila kung mayroong paparating na panganib o mga sundalong hapon na nakakabahala sa kanila. Kung may nakita man sila ay magbibigay ito ng mga hudyat o mga senyales sa mga tao upang lumikas kaagad at maiwasan ang panggugulo ng mga sundalong hapon sa kanila.

Barangay Panadtaran - Sa barangay Panadtaran naman ay may nakuha ang mga mananaliksik ng dalawang magkaibang salaysay. Ayon sa unang tagatugon, ang pangalang Panadtaran ay nagmula sa kuwento tungkol sa isang bayolenteng tao na nakatira sa lugar. Siya ay masyadong teritoryal kung kaya't kung sino ang makatatapak sa lugar kung saan siya nakatira ay makakatikim ng pagtadtad at ipapalagay na isang trespasser. Kilala ang taong iyon bilang isang mamatay tao. Hindi kalaunan ay nakaharap siya ng isang istranghero na mas magaling na manlalaban sa kanya at napatay siya. Ang ikalawang salaysay naman ay nagpapahayag na nagmula ang pangalan ng barangay sa taong nagngangalang Juan Diyong na siyang nagpangulo sa pagtuligsa at pakikipaglaban sa mga Muslim. Dagdag pa nito, pinatay at tinadtad niya ang lahat ng alagang hayop na pag-aari ng isang mangangalakal na Intsik na pagala-gala sa paligid.

Barangay Sangat - Ang kasunod na barangay ay isa sa mga pinakalumang barangay sa San Fernando. Ito ay ang barangay Sangat. Ayon sa salaysay ng mga tagatugon, ang pangalan ng barangay ay nagmula sa salitang bisaya na "sang-at" na nangangahulugang "bitay". Winika rin nga mga tagatugon na may kaugnayan ito sa nangyaring labanan ng mga piratang Muslim sa Panadtaran. Ang mga nakaligtas sa labanan ay nagtago sa bakawan o *mangrove*. Sa kanilang pagtatago ay hindi nila namalayan na aksidenteng nakabit ang kanilang mga damit kung kaya't naiwan silang nakabitay sa ere at nakita sila ng mga dumaraan at naninirahan sa lugar.

Barangay Tongo - Ang panghuling barangay naman ay ang barangay Tongo. Isa rin itong sitio ng barangay Panadtaran noon. Ayon sa mga lumad na nakatira sa lugar, ang barangay ay kilala dahil sa mga albularyong nakatira doon na may kakayahang makalunas ng iba't ibang uri ng sakit. Ang mga albularyo ay pinaniniwalaang may kakaibang kapangyarihan na naging dahilan sa pagkalunas ng mga taong may sakit. Hindi lang lunas ang kanilang kayang gawin ngunit maaari rin silang tumanggap ng mga pakiusap mula sa mga taong gustong maghiganti. Ayon sa mga salaysay, may ginagawang ritwal ang mga albularyo sa pamamagitan ng tongo o *curse* sa Ingles. Ito'y ginagawa lamang sa pamamagitan ng mental telepathy.

Nakita sa pag-aaral ni Nibalvos (2019) na ang panitikan ay nagsisilbing tagapagtagala ng kasaysayan sa naturang lipunan. Batay sa nakalap na mga salaysayin sa mga tagatugon nakita na makulay at mayaman ang bayan ng San Fernando sa mga kuwentong-bayan sa ugat-pangalan ng mga barangay na nabanggit. Pinabulaanan naman ni Lariosa (2014) na ang pangalan ng mga lugar ay kadalasang nanggaling sa nagdaang mga pangyayari, mga sikat na personalidad, halaman, hayop at kondisyong topograpiya ng lugar. Nababalot talaga ng misteryo at kahiwagaan ang mundo kaya't may iba't ibang kuwentong naisalin tungkol sa pinagmulan ng lugar mula pa noong unang henerasyon hanggang sa kasalukuyan. Ang mga kuwentong-bayan ang nagsisilbing patunay na malawak at mayaman ang panitikan sa Pilipinas. Sa kabuoan, maliwanag na naipakita na may iba't ibang pinanggalingan ang mga pangalan ng mga lugar at kabilang na rito ang mga piling barangay sa San Fernando.

4. Kongklusyon at rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napatunayan na ang mga kuwentong-bayan ay may makabuluhang ugnayan sa ugat-pangalan ng mga piling barangay sa San Fernando. Nagsisilbi rin itong pundasyon na hanggang sa kasalukuyan ay buhay pa rin at nananatiling nakaangkla sa kasaysayan ng Pilipinas. Malaki ang ambag ng pag-aaral na ito sapagkat ito ay makatutulong upang maibalik ang sigla ng panitikang Pilipino partikular na sa bayan ng San Fernando at sa kalapit na bayan nito sa Cebu. Magagamit ng mga guro ang awtput ng pag-aaral na ito bilang suplimental na kagamitan sa pagtuturo ng panitikan at kasaysayan. Gamit ang awtput ng pag-aaral ay mas lalawak pa ang antas ng kasanayang matatamo ng mga mag-aaral dahil nakahain sa malikhian at lokalisdong pamamaraan ang pagtuturo na gagamitin sa klase. Makabubuo rin ng antolohiya ng mga kuwentong-bayan bilang isa sa mga awtput ng pag-aaral na magagamit sa pagtuturo-pagkatuto na proseso.

Magsisilbing gabay rin ito na magagamit para sa pagpapalago ng turismo sa bayan. Mula sa mga nakuhang datos, inirerekomenda ng mga mananaliksik para sa ikalalago ng pag-aaral na magkaroon pa ng ibang pag-aaral tungkol sa mga hindi pa naihayag na mga kuwento sa kalapit na bayan at sa mga liblib na lugar ng Pilipinas upang mapalawak ang saklaw ng panitikang Pilipino sa larangan ng kuwentong-bayan.

5. Sanggunian

- Aler, R. D. (2020). Ang konsepto ng bayan sa mga kuwentong-bayan ng Camarines Norte. Retrieved from https://animorepository.dlsu.edu.ph/etd_doctoral/1378
- Bronner, S. J. (2007). Meaning of folklore: The analytical essays of Alan Dundes. University Press of Colorado. <https://doi.org/10.2307/j.ctt4cgrzn>
- Catipay, T. M. A. (2019). Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 7(1).
- Espinocilla, J. M., & Marbella, F. D. (2022). Sipat sa kuwento ng mga barangay sa bayan ng Gubat. *International Journal of Business Management and Economic Review*, 6(5). <https://doi.org/10.35409/IJBMER.2022.3446>
- Eugenio, D. (2007). Philippine folk literature: An anthology, 2nd, Quezon City: University of the Philippines Press, 498.
- Lariosa, E. D. (2014). The history of San Fernando, Cebu Philippines. Cebu City: Provincial Government of Cebu, 4-10.
- Nacorda, R. F. T., & Garma, J. C. (2023). Forda Ferson: Implikasyon sa umuusbong na kulturang popular. *International Journal of Research Studies in Education*, 12(1), 7-13. <https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.371>
- Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at panitikan: Pag-uugat ng kapilipinohan sa pagbubuo ng literaturang pambansa. *Malay*, 32(1).
- Rodriguez, Ma. C.P (2011). Interpretive stories of Sariaya, Quezon, and tourism as a lived experience. *Social Science Diliman*, 7(1).
- Sardido, L. J. E., & Palma, R. C. (2022) Manobo oral narratives and their educational implications. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR)*, 8(1). <https://doi.org/10.36713/epra9381>